# Panawagan

Inaanyayahan ang lahat na magsumite ng kanilang kontribusyon para sa *AGOS: Refereed Journal ng Malikhaing Akdang Pampanitikan Tomo 4, 2023*.

Ang Agos ay ang kauna-unahang refereed journal na monolingguwal sa Filipino para sa Malikhaing Akdang Pampanitikan ng Sentro ng Wikang Filipino–UP Diliman. Isinusulong ng journal na ito na paunlarin at palawakin ang iba't ibang pamamaraan ng pagsusulat sa wikang Filipino at pag-ambag sa lawas ng panitikang Filipino. Layunin nito na tipunin ang mga malikhaing akda na tumatalakay, umuunawa, sumusuri at dumidiskurso tungkol sa iba't ibang antas ng karanasan at pagpapakaranasan ng mamamayang Filipino at ang ugnayan ng indibidwal sa kaniyang kaligiran, lipunan, at bayan.

1. Para sa malikhaing akdang isusumite, kailangang orihinal at hindi pa nailalathala o naisumite para sa konsiderasyon sa ibang publikasyon, elektroniko man o limbag na anyo. May pormularyo na kinakailangang sagutan na nagpapahayag na ang isinumiteng akda ay hindi pa nailalathala sa anumang publikasyon at makukuha ang nasabing pormularyo sa link na ito: https://docs.google.com/.../1-0APgOLLc7l7pJN1tgWk.../edit... o sa link na ito: https://drive.google.com/.../12K3uaxjsLtSe7T6HdFV.../view...

2. Maaaring magsumite alinman sa mga sumusunod: limang (5) tula, isang (1) maikling kuwento, isang (1) sanaysay, isang (1) dulang may isang yugto, tatlong (3) dagli, isang (1) komiks, o isang (1) eksperimental/hybrid na akda.

3. Inaasahan na naka-encode o komputerisado, doble-espasyo, gumagamit ng font na Times New Roman na may laking 12 puntos.

4. Isumite ang akda at pormularyo ng awtor bilang lakip ng email sa *agos.swf.upd@up.edu.ph*. Maaaring lakipan ng biswal na materyal (may kulay o black and white) gaya ng orihinal na larawan, ilustrasyon, at iba pa. Ilagay ang angkop na caption sa hiwalay na papel.

5. Ilakip din ang maikling tala tungkol sa sarili (o bionote) na naglalaman ng kasalukuyang posisyon, institusyong kinabibilangan, espesyalisasyon, mga pinakabagong publikasyon, pananaliksik at iba pang mahahalagang impormasyon.

6. Sa pagsusumite gamit ang email, gamitin ang format na ito bilang SUBJECT LINE: APELYIDO-GENRE-AGOS2023. Halimbawa: CRUZ-TULA-AGOS2023.

7. Ang huling araw ng pagsusumite ay sa 31 Agosto 2023.

Para sa mga tanong o paglilinaw, maaaring mag-email sa Lupon ng mga Editor sa agos.swf.upd@up.edu.ph. Para sa karagdagang impormasyon, maaaring tumawag sa Tel. Blg. 8981-8500 lokal 4583/4584/4585.